10 dapat bantayan at tandaan ng mga botante sa araw ng eleksyon:

KONTRA DAYA 2010

1.
.Maaga pa lang ay hanapin na ang assigned precinct at pangalan sa voter's list.

2.
Tiyaking malinis at walang marka ang balota bago ito tanggapin mula sa Board of Election Inspectors (BEI). Huwag tanggapin ang balotang may marka o dumi dahil baka hindi ito basahin ng PCOS machine. Hindi na maaaring magpalit ng balota kapag ito ay nadumihan o nagkaroon ng ibang marka.

3.
Dapat i-scan ng BEI ang balota para makita ng botante ang Ultra-Violet security marks nito. Patunay ito na orihinal na balota ang nakuha ng botante. Huwag tanggapin ang balotang walang UV mark.

4.
Tiyaking mababasa ng PCOS machine ang inyong balota. Kapag ni-reject ng makina ang balota, meron kang 4 na subok para ipasok muli ang balota sa PCOS. Kung ni-reject ang balota dahil sa "ambiguous marks" o iyong hindi tamang pag-shade, may pagkakataon ang botante na ayusin ang pagkaka-shade ng balota at ipasok ito muli sa PCOS. Dapat ipaliwanag ng BEI kung ano ang dahilan ng pag-reject sa balota. Maaaring hindi kasalanan ng botante ito at maaaring sira ang PCOS machine. Kung maraming balota ang hindi tinanggap, dapat palitan ang PCOS machine.

5.
Bumoto lang nang sapat. Huwag bumoto nang lagpas sa kailangan (over-voting) dahil hindi ito babasahin ng PCOS. Tiyaking buo ang pagkaka-shade sa bilog para hindi ito iturin na "ambiguous mark" ng PCOS machine. Hindi na mabibigyan ng ikalawang balota sakaling magkamali sa pagboto. Samantala, ang paggamit ng balota para sirain ang PCOS machine ay mahigpit na ipinagbabawal.mahigpit na ipinagbabawal.

6.
Kapag kinulang ang balota sa presinto, maaari pa ring makaboto sa pinakamalapit na presinto. Sasamahan ang botante ng BEI matapos mabigyan ng certifi cation.

7.
Dapat Board of Election Inspectors lang ang nangangasiwa ng pagbibigay ng balota. Hindi pwedeng makialam sa proseso maging ang mga local na opisyal, mga taga-Comelec o mga technician ng Smartmatic. Hindi dapat pinapakailaman ng kung sino-sino ang PCOS machine sa panahon ng halalan.

8.
Tiyaking makakapirma sa voter's list (sa simula ng pagboto) at malalagyan ng indelible ink ang daliri (pagkatapos bumoto).

9.
Ang takdang oras ng pagboto ay mula 7am hanggang 6pm, matapos ay magsasara na ang presinto. Kung ang botante ay inabutan ng 6pm, pwede pa ring makaboto basta't nasa loob siya ng 30 metro ng presinto o nasa pila pagsapit ng 6pm. Kailangan niyang magpalista ng pangalan sa BEI. Magtutuloy ang botohan hangga't hindi nauubos ang mga inabutan sa pila.

10.
Bawal sa loob ng presinto ang mga pulis at military, para-military, security guards, mga opisyal ng barangay, mga armadong goons at gayundin ang mga supporter ng kandidato na nangangampanya sa mismong araw ng eleksyon. Dapat silang palabasin ng BEI.

Hotline: 0921-2953004, 0915-2332413
E-mail: kontradaya@gmail.com
Website: www.kontradaya.org